**INTERNATIONAL NAPASA ( January 28th,2025 )**

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGSASANAY NG PAGSASAHIMPAPAWID NG J ALERT

### Ｊ－アラートの試験放送のお知らせ

Sa February 12 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng ***J-ALERT*** dito sa Hiratsuka City. Ang ***J-ALERT*** ay isang sistema na babalang alarma ng pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat na huwag itong pagkamalang totoong ***J-ALERT*** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa ***RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-9863 ( 0463-21-9863 ).**

## 2)IMPORMASYONUKOL SA WALANG BAYAD NA MATRIKULA SA KOLEHIYO

### 大学の授業科無償化のお知らせ

Mula sa April, 2025 ang tahanang may 3 anak ay malilibre na sa bayarin ng matrikula sa Kolehiyo anuman ang laki ng suweldo ng magulang. Libre rin ang 2 year college course at mga Technical College. Subalit kung ang mag-aaral ay nagta-trabaho na ay hindi na malilibre ang matrikula. Para sa pag-aapply ay makipag-alam lamang sa papasukang Unibersidad.

## 3)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGBIBISIKLETA

### 自転車の運転規則変更マナーについて

Mula noong November 1 ang patakaran sa oras ng pagbibisikleta ay naging mahigpit na.

**ANG MGA SUMUSUNOD NA PAGLABAG AY PAPATAWAN NG PARUSANG MULTA O PAGKABILANGGO:**

1. Paggamit ng mobile phone habang nagbibisikleta.
2. Pakikipag-usap gamit ang mobile phone habang nagbibisikleta.
3. Pagbibisikleta matapos maka-inom ng alak.

## 4)EVENT PARA SA PAG-AAMPON NG MGA NAILIGTAS NA PUSA

### 保護猫の譲渡会のお知らせ

Tuwing ika-4 na linggo ng buwan, ang “***SAMAHAN PARA MABAWASAN ANG MGA LIGAW NA PUSA”*** sa Hiratsuka City ay magpupulong-pulong para sa “Pag-aampon sa mga nailigtas na pusa”, ang oras ay mula 11:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon sa ***OSC SHONAN*** sa 2ND floor ng “ Your Petia” Hiratsuka Shop. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **080-5901-7746 (080-5901-7746).**